Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-21 NG PEBRERO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Kagawad
4.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
5.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
6.	Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
7.	Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
8.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
9.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
10.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 33-'96
(Sa mungkahi ni Kag. De Guzman na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAG-AATAS SA TANGGAPAN NG PAMBAYANG INHINYERO AT TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGA-PLANO AT TAGAPAG-UGNAY NA LAGYAN NG PATALASTAS ANG LAHAT NG PAGAWAING BAYAN NA NAGSASABING "ANG PAGAWAING BAYAN NA ITO AY MULA SA BUWIS NA IBINABAYAD NG MAMAMAYANG SANTA ROSA".

YAYAMANG, nararapat lamang na maiparating sa bawa't isang mamamayan na ang lahat ng pagawain at serbisyong ipinagkakaloob ng pamahalaang bayan ay mula sa kabang-bayan at mula sa mga buwis na kanilang ibinabayad upang sa gayon ay magkaroon naman ng lubos na kaalaman na ang lahat ng progresong nakikita ay sanhi ng kanilang pagtalima sa pagba-bayad ng tamang buwis sa pamahalaan.

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawa-han ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas sa Tanggapan ng Pambayang Inhinyero at Tanggapan ng Taga-plano at Tagapag-ugnay na lagyan ng patalastas ang lahat ng pagawaing bayan na nagsasabing "Ang pagawaing bayan na ito ay mula sa buwis na ibinabayad ng mamamayang Santa Rosa".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-7 Pangkaraniwang Pulong ng Sanggunian Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-21 ng Pebrero, 1996.

(Lgd) CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

Posted 3-Co-96

Posted by: